# DELFIN H. MUNDALA JR.

Kasalukuyang nagtuturo ng Filipino at Panitikan sa Mindanao State University - Iligan Institute of Technology. Nakatira sa Lungsod ng Iligan at dito humuhugot ng mga paksang isinusulat. Miyembro ng Bathalad Mindanao (Bathalan-ong Halad sa Dagang) 2016 at LUDABI (Lubas sa Dagang Bisaya) 2017. Naging Fellow sa 24th Iligan National Writers Workshop 2017 sa kasagsagan ng ng Martial Law sa Mindanao at giyera sa Marawi. Sumusulat din ng tula (Cebuano/Filipino), maikling kuwento (Cebuano/ Filipino), dagli (Cebuano/Filipino), at dula tungkol sa nangyayari sa Mindanao partikular sa Iligan. Nakapag-aral ng doktorado sa Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas noong 2016 - 2019.

# PAGDAWAT SA HAGIT

Kagabhion nagkalalom
daghanan ang nalumos sa mga damgo
managhigalang puno sa kaisog
“O, unsa man andam naka? Pangutanang Miguel sa gahilom
nga higala

Sa hinay si Camelo nagbugsay
sakayan sa pantalan gipaduol
si Miguel naglingkod sa dulong
sa pantalan,
hilom ang dagat
nganga sa mga sisi madunggan
mga tunob sa nagdinaganay nga alimango
nanggimaw ang mga ulo
sa mga haligi
nga gipatungan sa retanggulong semento
“Miguel...!”
Nitikig wa kalihok
Nahatutok si Camelo
Lahing tingog ang nabati
Paspas nga nagbugsay isog nga managhigalaay
halos sakayan baswaton
padulong sa baybayon
inubanan sa siyagit
“Santilmo! Santilmo!”

# PAGTANGGAP SA HAMON

Malalim na ang gabi
nalunod na sa panaginip ang karamihan
malakas ang loob ng magkaibigan
tanong ni Miguel sa walang-imik na kaibigan
“O, ano handa ka na ba?
Dahan-dahang sinagwan ni Camelo
Ang bangka palapit sa pantalan
nasa unahang bahagi ng Bangka
pa rin si Miguel
nang malapit na sa pantalan,
tahimik ang dagat
maririnig mo ang mga kabebing bumubuka
mga yabag ng alimangong tumatakbo
nakausli ang mga ulo ng mga haligi
na pinatungan ng rektanggulong semento
“Miguel...”
hindi nakagalaw si Miguel
nanlaki ang mata ni Camelo
ang boses na iyon ay hindi galing kay Camelo
mabilis na sinagwan nina Camelo at Miguel
ang Bangka papunta sa baybayin
habang sumisigaw
“Santilmo! Santilmo!”